# Pagpili ng Asawa

## Isang Seryosong Pagpapasya!







Ernst-August Bremicker

GBV
Der Gute Botschaft Verlag

# Pagpili ng Asawa

## *Isang Seryosong Pagpapasya!*

*Ernst-August Bremicker*

Ibinuod at iniangkop na pagsasalin mula sa libreta na
“Love – Engaged – Married” ni Ernst-August Bremicker

**ISBN: 978-3-96162-718-9**

© 2023 by GBV Dillenburg GmbH
www.gbv-dillenburg.de

Printed in Germany

© photos: p. 1: left: dtiberio, stock.adobe.com; right: ajr_images, stock.adobe.com
p. 11: Andrey Popov, stock.adobe.com; p. 12: Юрий Красильников, stock.adobe.com;
p. 15: Adam Ján Figeľ, stock.adobe.com; p. 16: oatawa, stock.adobe.com;
p. 21: simona, stock.adobe.com; p. 23: Monkey Business, stock.adobe.com;
p. 60: neurobite, stock.adobe.com; others: www.pixabay.com et al.

# Pagbati!

Mahal naming mambabasa!

Ang katotohanan na sinimulan mong basahin ang libreta na ito ay nagpapahiwatig na nais mong malaman ang tungkol sa paraan ng pagpili ng iyong asawa, ang iyong magiging asawang lalaki o babae, at hindi gumawa ng masamang desisyon sa napakahalagang bagay na ito. O siguro gusto mong malaman pa ang tungkol sa paksang ito para matulungan mo ang mga kabataang napakahalaga sa iyo na iwasang gumawa ng maling desisyon hinggil sa kanilang buhay may asawa sa hinaharap. Ang layunin ng libreta na ito ay tulungan ka sa bagay na ito.

Ang mga tagubilin at mungkahi na matutuklasan mo sa libreta na ito ay nilayong tugunan ang iyong mga pangangailangan at mga tanong tungkol sa paksa ng pagpili ng iyong asawa. Ang Diyos – sa Kanyang walang-hanggang karunungan – ay nagbigay ng mga tagubilin sa Kanyang Salita, ang Biblia, hinggil sa paksang ito at ang may-akda ay pinagsama-sama ang mga ito sa buklet upang makatulong sa mahalagang paksang ito.

Nawa'y maging pagpapala sa iyo ang pagbabasa ng libreta na ito at dalangin ko na matagpuan mo ang kinakailangang panghihikayat at tulong na gumawa ng tamang pasiya para sa iyong sarili o tulungan ang iba sa paggawa nito.

Pagbati sa pag-ibig ng Panginoong Hesus!

***Erik Chewa T.***

# Talahanayan ng Nilalaman

**Pagbati!** . . . . 5

**I – Ano ang ginagawa ng Diyos at kung ano ang kailangan nating gawin** . . . . 9
1. Panig ng Diyos . . . . 9
2. Ating panig . . . . 10

**II – Ang magpakasal "sa paraan ng Panginoon": Paano?** . . . . 12
1. Anim na babala . . . . 12
2. Ang tamang pundasyon . . . . 15

**III – Sino ang pumipili?** . . . . 17
1. Ang papel na ginagampanan ng lalaki at ng babae . . . . 18
2. Ang tamang panahon . . . . 20

**IV – Ano ano ang mga pamantayan sa pagpili ng asawa?** . . . . 24
1. Nagbalik-loob? . . . . 24
2. Ano ang sinasabi ng Banal na Kasulatan? . . . . 26
3. Isang mahalagang dahilan . . . . 28
4. Napatunayang nasubaybayang talaan! . . . . 28
5. Pagtutugma? . . . . 31

**V – Tunay na pag-ibig** . . . . 39
1. Dalawang panganib . . . . 39
2. 2. Ano ang hindi Pag-ibig . . . . 40
3. Pagmamahal at paggalang . . . . 42
4. Ang pinakamalalim na pag-ibig . . . . 43

**VI – Ang pagpili ng isang kapartner ayon sa Biblia** . . . . 46
Isang positibong halimbawa . . . . 46

**VII – Ang pagpili ng isang katuwang ayon sa Biblia** . . . . 58
Isang negatibong halimbawa . . . . 58

**VIII – 'Pakikipagdeyt'** . . . . 61
1. Iba't ibang opinyon . . . . 62
2. Mga Kondisyon . . . . 62
3. Payo . . . . 63

# I – Ano ang ginagawa ng Diyos at kung ano ang kailangan nating gawin

Ang Diyos ang pumipili at naghahanda ng tamang asawa para sa atin. Alam Niya kung anong klaseng asawa ang kailangan mo. Gayunman, ipinapakita sa atin ng Biblia ang dalawang aspeto para malinaw na mahiwatigan ang kalooban ng Diyos. Ibigay ang iyong buong pansin sapagkat kapag nagkamali ka sa proseso ng pagpili ng iyong asawa ay magkakaroon ng hindi maibabalik na mga kahihinatnan.

## 1. Panig ng Diyos

Nakita ng Diyos na si Adan ay nag-iisa at sinabing: *"Hindi mabuti na ang tao ay mag-isa; Gagawa ako ng katulong na maihahambing sa kanya* (Genesis 2:18). Hindi maibigay ni Adan ang kanyang sariling pangangailangan. Dumating ang mga hayop kay Adan upang pangalanan niya (Genesis 2:20). Nakita ni Adan na nilikha sila ng Diyos na lalaki at babae. Iyon ba ang sandaling nalaman niya ang kanyang kalungkutan? Hindi sinasabi ng Biblia. Gayunman, gusto ng Diyos na bigyan si Adan ng asawa. Kailangan siya ay akma sa kanya upang sya ay maging masaya. Kalaunan, nakita natin na talagang tinanggap ni Adan ang kanyang asawa mula sa Diyos: *"Ang babaeng ibinigay Ninyo na makakasama ko"* (Genesis 3:12).

Nais ng Diyos na ibigay ang asawang angkop sa atin. Isaisip ang alituntuning ito. Hindi kayo pababayaang gawin ang nais ninyong gawin sa inyong sarili lamang, kundi mapagkakatiwalaan ninyo ang Diyos na ibibigay sa

inyo ang tamang asawa *sapagkat "ang isang mabuting asawa ay nagmumula sa Panginoon"* (Mga Kawikaan 19:14). Iginiit ko ito, dahil mahalagang sumampalataya ka sa Diyos upang bigyan ka ng angkop na asawa.

## 2. Ating panig

Ang isa pang aspeto na hindi natin dapat kaligtaan ay ang responsibilidad nating hanapin ang tamang asawa. Hindi kailanman nagkaroon ng maikling liham na nagpapahiwatig ng pangalan ng asawa ng isang tao sa hinaharap na nahulog mula sa langit! Ito ay tanong sa pagsasaliksik sa Biblia para sa mga talatang tumutukoy sa pagpili ng asawa, tulad ng mga Kawikaan 31:10; 20:6; 18:22: *"Sino ang makakakita ng mabuting asawa?"*, *"Sino ang makakita ng tapat na lalaki?"*, *"Ang nakahanap ng asawa ay nakahanap ng magandang bagay "*. Responsibilidad nating maghanap at makahanap.

Sa Exodo 2:1 isang lalaking buhat sa lipi ni Levi ang humayo at nag asawa ng anak na babae ni Levi. Hindi siya naghintay na mangyari ang isang bagay; hindi, aktibo siya sa kanyang sarili. Gayundin, hinanap ng alipin ni Abraham ang isang asawa para kay Isaac (Genesis 24). Wala sanang nangyari kung hindi umalis ang alipin tungo sa kanyang paghahanap.


Ang dalawang aspetong ito – sa isang panig ang Diyos ang kumikilos at sa kabilang panig naman ang ating responsibilidad – akma sa isa't isa: *"Isang bagay na hinahangad ko sa Panginoon, na aking hahanapin"* (Mga Awit 27:4). Ang pagsasaliksik ay nagpapahiwatig ng pagsisikap para sa atin. Ang panalangin ay gumaganap ng mapagpasyang papel sa pagpili ng asawa.

Paano tayo mananalangin ayon sa kalooban ng Diyos kung hindi natin hahanapin ang sinasabi Niya sa Kanyang Salita? Kung hindi, kahit taimtim



pa tayong nananalangin ay makakagawa tayo ng maling desisyon. Kung hindi natin hahanapin ang turo sa Biblia, paano natin malalaman ang kalooban ng Diyos?

**Tandaan:** Ang paghahanap sa asawang inihanda ng Diyos para sa iyo ay responsibilidad na may matinding kahihinatnan. Kung alam mo ito, magiging mas maingat ka at mas taimtim kang mananalangin..



# II – Ang magpakasal "sa paraan ng Panginoon": Paano?

Nais ng Diyos na bawat isa sa Kanyang mga anak na nagpakasal na gawin ito sa Panginoon (basahin ang I Mga taga Corinto 7:39). Sa kasamaang-palad, marami tayong magagawang pagkakamali sa paghahanap ng asawa. Ang ilang panganib ay hindi napapansin kaagad at maaaring humantong sa kabiguan.

## 1. Anim na babala

### *Panganib 1: Pag aakalang sa unang tingin ay ang tunay na pag-ibig*

Nakakilala ka ng isang magandang dalaga, o isang binata na tumutugon sa, o taglay, ang lahat ng hanap mo. Gusto mo siya. Siya ay nangungusap sa iyo. Kapag siya ay nagsasalita sa iyo, ang iyong damdamin ay sumisilakbo. Umiibig ka na – tulad ng madalas nating sabihin!

Tingnan! Kung mangyayari ito sa iyo, pag-isipan ito: ***Ang umiibig ay hindi masama sa sarili. Ngunit ang tunay na pag-ibig ay lubos na naiiba sa pag-ibig sa unang tingin.*** Ang isang taong seryoso tungkol sa mga bagay na ito ay hindi pinamamahalaan ng ideya ng pagmamahal sa unang tingin. Ang damdamin, gaano man ito kaganda, ay hindi isang matibay na pundasyon para sa pag-aasawa. Kung hindi nila mapipigilan ang mga ito maaari silang mauwi sa kapahamakan. Kadalasan, sa kasamaang-palad, ginagamit ito ni Satanas bilang patibong para mahulog tayo sa kanyang bitag.



### *Panganib 2: Pagtingin sa panlabas na anyo*

Ang isang lalaki ay magiging maasikaso sa kagandahan ng isang babae; isang babae sa kalagayang panlipunan, trabaho, o ang salapi ng isang lalaki. Maaaring pinapangarap mo ang asawa na mahilig sa musika, maglaro, paglalakbay, at iba pa. Ito ay mga bagay na maaari mong pag isipan, ***ngunit kung gagamitin mo ang mga ito bilang batayan ng iyong desisyon, ikaw ay maliligaw sa kung ano ang mahalaga***! Hindi ko ibig sabihin na hindi mahalaga ang mga bagay na ito. Siyempre, kailangang gusto mo ang iyong katuwang. Ngunit ang mahalagang bagay ay ang kanyang pagkatao at siya ay may takot sa Diyos, at namumuhay sa pakikipag-ugnayan sa Panginoon. Kailangan mo ng asawa kung saan makakahanap ka ng buong suporta sa panahon ng bagyo!



### *Panganib 3: Nakapag pasya na*

Maaari kang magkaroon ng isa pang mabigat na problema. Bagama't nanalangin ka at alam mo na ang Diyos ang magbibigay sa iyo ng tamang katuwang, sa loob mo ay nakagawa ka na ng desisyon at naghihintay na lamang ng pahintulot mula sa Diyos. ***Ang pananalangin para sa isang bagay na napagpasyahan mo na sa kasamaang-palad ay karaniwan sa buhay ng isang Kristiyano***, at hindi lamang tungkol sa pagpili ng asawa. Ang pag-uugaling ito ay hindi mabuti at maaaring magkaroon ng mapaminsalang mga bunga.

### *Panganib 4: Pinapangarap na asawa na mayroong madyik na solusyon sa lahat ng iyong mga problema*

Nakikinita ninyo ang magiging asawa ninyo sa isang partikular na paraan. Pagkatapos isang araw nakakilala kayo ng isang taong tila tumutugma sa lahat ng paraan sa layunin ng inyong mga pangarap. Sa palagay ba ninyo makakaya nyo bang tumutol at tatanggapin ito kapag sinabi ng Diyos na "Hindi"? Kailangan mong maunawaan na ang tao na iyong pinapangarap ay hindi makakatagpuan. Bawat tao ay may sariling mga kalakasan at kahinaan. Kailangan itong isaalang-alang. Kapag lumikha ka ng mas isang mainam na uri para sa iyong sarili, ay mas marami kang magiging problema sa paghahanap ng tamang partner. Sa anumang kaso, ay malamang na ikaw ay mabibigo.




### *Panganib 5: Pag-asa sa espirituwal na "pagkukunwari"*

May nakilala ka sa labas na isang tao na namumuhay nang walang kapintasan bilang isang Kristiyano. Dumadalo siya sa mga pagtitipon; naroon siya saan man may mga Kristiyano. Sapat na ba iyon? Maging maingat, dahil maaaring ito ay isang panlabas na anyo. Mag-ingat na huwag hayaang masilaw ang iyong sarili. ***Ang tunay na buhay sa Panginoon ay mahalaga.*** Hanapin ang isang taong talagang namumuhay kasama ang Panginoon – napakahalaga!



### *Panganib 6: Humingi ng tanda mula sa Diyos na maging malinaw*

Maraming tao ang gustong pagbatayan sa kanilang desisyon ang isang tanda. Halimbawa, naaalala ko ang isang dalagitang humingi sa Diyos ng sumusunod na tanda: "Nawa ang unang mag-alok sa akin ng Biblia, O Diyos, ang inihanda ninyo para sa akin!" kinalaunan, tuwing siya ay naaakit sa isang batang lalaki, ay sinusubukan niyang ipakita sa kanya na kailangan niya ng isang Biblia ... Ang paggawa nito ay maaari lang magdulot ng mas maraming pagkalito! Ang mga naghahanap ng mga palatandaan ay karaniwang tinutukoy ang kuwento tungkol kay Gideon (Mga Hukom 6:36–40). Dapat nating tandaan na si Gideon ay nabuhay noong panahon ng Lumang Tipan; wala siyang kalooban ng Diyos ayon sa pagkahayag sa Biblia at wala siyang Banal na Espiritu.

Kakaiba para sa atin. ***Nasa atin ang Salita ng Diyos at mababasa natin ito at hayaang maturuan tayo nito. Ang Espiritu ng Diyos ay nananahan sa atin.*** Walang anuman sa Bagong Tipan na nagpapahiwatig na maaari pa rin tayong maghintay ng mga palatandaan o magpalabunutan sa ngayon. Ang mga bagay na ito ay nangyari lamang bago dumating ang Banal na Espiritu.

## 2. Ang tamang pundasyon

Ang kasal ay maihahambing sa isang bahay na itinatayo (tingnan sa talinghaga tungkol sa taong hangal at matalinong tao sa Lucas 6:46–49). Sa pag-aasawa, hindi lamang puro sikat ng araw kundi may mga unos din. Mabilis na lumilipas ang pulot-gata, at pagkata-



pos niyon ay mapatutunayang mas mahalaga ang mabuting pundasyon. ***Ang pundasyon para sa masayang pagsasama ng mag-asawa ay inilatag nang napakaaga***. Nagsisimula ito sa sandaling maisip ang tungkol sa pag aasawa na nabubuo sa puso. Doon napindot ang pinddutan – ang pindutan na nagpapasiya kung saan ang "tren ng kasal" ay patutungo: tungo sa kaligayahan o kasawiang-palad.

Kung hindi mabuti ang kundisyon bago ikasal, hindi dapat ikagulat ang mabilis na pagdating ng mga problema at paghihirap.
***Mapapalad ang mga nakikinig sa Salita ng Diyos at tinutupad ito (Lucas (11:28***





## III – Sino ang pumipili?

Ang pagpili ng asawa ay sariling responsibilidad, at hindi ng iba. May panganib na ang mga magulang o iba pa ay maaaring kasangkot sa pagpili ng iyong katuwang. Ayon sa Genesis 2, iniiwan ng isang lalaki ang kanyang ama at ina at nagsasama sila ng kanyang asawa. ***Hindi sa mga magulang ang kapasyahan kung sino ang pakakasalan ng kanilang mga anak. Malinaw na ang huling desisyon ay sa iyo.***

Ang ibang tao (halimbawa mga kaibigan, o kapatid) ay makapagbibigay ng magandang payo, ngunit hindi sila ang magpapasiya. Maging maingat din sa mga nagrereto. Nagbubunga sila ng mga lihim na plano para pag-ugnayin ang dalawang kabataan. Paminsan-minsan, maaari itong lumabas nang maayos, ngunit karaniwan ay nangyayari ang kabaligtaran nito.

Posible na matagal kayong paghintayin ng Panginoon. Siguro hindi ka pa dapat mag-asawa (mas mabuting magdusa ang hindi (pa) nag-aasawa, kaysa magdusa sa maling tao!). Sa anumang sitwasyon, dapat tayong manatiling bukas sa lahat ng pagpipilian sa landas ng Panginoon.



**Tandaan:** Ang pagpapasiya sa asawa ay isang bagay na napakahalaga para hayaang makibahagi ang iba o gumawa ng desisyon para sa iyo. Ito ay iyong desisyon, hindi ang desisyon ng iba.

## 1. Ang papel na ginagampanan ng lalaki at ng babae

Sa tanong na, "Sino ang pipili?", masasagot natin na kapwa ang lalaki at ang babae ang pumipili! Ngunit may kaibahan sa paraan ng pagpili nila. Sa Biblia, karaniwan ay ang lalaki ang aktibo. May isa lang akong alam, kung saan mukhang hindi ito ang nangyari. Babalik ako kalaunan.
Habang binabasa mo ito, maaari mong isipin na, "Kaya hindi pareho sa kanila ang ***pumili".*** Oo, pinipili nila, ngunit sa iba't ibang paraan. Bilang pangkalahatang patakaran, ang kalalakihan ay aktibo at ang kababaihan ay walang kibo. Ito ay tumutugma sa mapananaligang prinsipyo sa Biblia.



***Kayo, mga dalaga, ay kailangang hayaang hubugin ng Biblia ang inyong sarili at manatiling nakalaan. Dito, mapapasainyo ang pagsang-ayon ng Diyos.***



***At ikaw, binata, ay kailangang maging lalong maingat kung ang isang babae ay masyadong malapit sa iyo!***

Ang lalaki ba ay nasa kalamangan? Oo, sa paraang siya. Gayunman, maaari ding maghanap ang babae, ngunit sa isang walang kibo at hindi napapansin. Nakapanghihilakbot kung hindi itatanong ng dalaga sa kanyang sarili ang tamang mga katanungan at sasabihing: "Hinihintay ko lang ang isa sa ipadadala sa akin ng Panginoon", at kaagad niyang tatanggapin ang unang mag alok ng kasal. Ang isang dalagitang makadiyos ay maghahanda sa kanyang sarili sa pamamagitan ng matinding pananalangin para dito. ***Bilang kapatid na babae kay Cristo, responsibilidad mong suriin nang seryoso ang anumang kahilingan na makita kung talagang tumutugma ito sa kalooban ng Diyos. Hindi ka makakaasa sa lalaki.*** Mangyari pa may sarili siyang responsibilidad. Ngunit hindi nito binabalewala ang iyong personal na responsibilidad.



Tingnan natin ngayon ang halimbawa sa Biblia kung saan nangyari ito sa ibang paraan. Ito ay tungkol kay Ruth at Boaz. Binanggit ko ang halimbawang ito dahil madalas itong banggitin ng mga taong nagtatampok sa aktibong papel ng kababaihan. Ito ay katunayan ng isang kahanga-hangang sitwasyon, ngunit bukod ring pinatutunayan ang patakaran. Sa Ruth kabanata 3 mababasa natin na sinunod ni Ruth ang payo ng kanyang biyenang babae. Nagpunta siya kay Boaz sa tolda na may napakalinaw na mithiin. Gusto niyang pakasalan siya ni Boaz. Bagamat mataas ang panganib na itaboy siya palayo. Gayunman, ginawa niya ang ipinagagawa sa kanya ng kanyang biyenan. Ito ba ay pagsasabwatan ng matalinong kababaihan? Isang panlilinlang ni Naomi at Ruth na ginamit upang mahuli sa bitag si Boaz? Siyempre hindi! Napakadalisay at napakaganda ng kuwento para maisip ang gayong mga kaisipan. Nasa panig ni Ruth ang Diyos!

Upang maayos na maunawaan ang pambihirang kasong ito, ang sumusunod na mga puntos ay dapat isaalang-alang:

1. Ang kuwentong ito ay may makahulang kahulugan at hindi ito mailalapat sa ating panahon.

2. Si Naomi at Ruth ay espirituwal na kababaihan at napatunayan nila ito. Kalaunan ay ipinahayag ni Boaz na hindi nakipagkilala

si Ruth sa mga kabataang lalaki (3:10); hindi siya sumusunod sa mga lalaki para makahuli ng isa.

**3** Si Ruth ay kumilos ng may taktika at pagpipigil patungo kay Boaz. Matuwid siya sa puntong ito, ngunit sa isang maselan na paraan.

**4** Nang magsalita na si Ruth sa kanya, ay ginampanan ni Boaz ang kanyang responsibilidad at inihanda ang lahat para sa isang kasalan. Hindi niya ito ipinaubaya kay Ruth.

Samakatuwid, hindi ito dapat maging konklusyon mula sa pangyayaring ito na kailangang gawin ng kababaihan ang gayon ding aktibong bahagi ng mga kalalakihan. Ni hindi dapat ipalagay na dapat tulungan ng mga mapaghangad na ina ang kanilang mga anak na babae na makahanap ng dakilang asawa. Halos palaging mali ito! Ang kailangan nating matutuhan ay balanse. Sa pangkalahatan, ang kalalakihan ay aktibo, ngunit hindi ito dapat lubos na ibukod, sa ilang partikular na kaso, ang kababaihan ay maaaring kailangang iwanan ang kanilang papel na ginagampanan. Gayunman, ito ay dapat manatiling nakabukod.

## 2. Ang tamang panahon

Kaya kailan ang tamang panahon para magkaroon ng pagnanais sa pag-aasawa? Ang Biblia ay nagbibigay ng mahahalagang pahiwatig, ngunit hindi tinutukoy ang edad.

➔ Ang pinakaunang angkop na oras para maging interesado sa pag-aasawa ay kapag naging kalalakihan at kababaihan na ang mga kabataan. Kailangan mo ng isang tiyak na kahustuhan ng loob. Ito ay nagpapahiwatig ng katapusan ng pagbibinata at pagdadalaga. Kailangan mo ring umalis at ihiwalay ang iyong sarili mula sa iyong mga magulang. ***Kailangan mong 'lumipad sa iyong sarili' kapwa sa pananalapi at espirituwal.***



**Tandaan:** Gayunman, ang kaugnayan ng mga bata sa pagitan ng mga magulang, gaano man ito kaganda, ay dapat magbigay ng daan balang-araw sa isa pang relasyon; ang kaugnayan ng isang lalaki at isang babae. Ang taong nag-aasawa ay kailangang ihiwalay ang kanyang sarili mula sa tahanan ng mga magulang. Kailangan dito ang tiyak na kahustuhan ng isip sa mga kabataan. Kasabay nito, dapat hayaan ng mga magulang na umalis ang kanilang mga anak.

Mahal kong mga kabataang na gustong magpakasal, dapat ninyong matanto na kailangan ninyong lisanin ang tahanan ng inyong mga magulang – pisikal, materyal at, higit sa lahat, emosyonal. Bilang isang mag-asawa, kayo ay dapat magsarili. Kailangan kayong maging handa para dito.

➔ Pangalawa, ***dapat kayong maging matatag at handang gampanan ang mga responsibilidad.*** Mahalagang makagawa kayo sa sarili ng matalino at espirituwal na mga desisyon. Kung magkakaanak kayo, kailangan ninyo silang palakihin, hindi lamang sa pinansyal, kundi maging sa katalinuhan at espirituwal. Ang mga anak ay hindi maaaring magpalaki sa kanilang mga kapatid, at hindi kayo dapat umasa sa sarili ninyong mga magulang na gawin ito. ***Ang pagpapalaki sa inyong mga anak ay responsibilidad ninyo.***

- Pangatlo, ***ang kakayahan at kagustuhang tunay na magmahalan ay dapat na naroon.*** Para magawa ito, ang kalalakihan ay kadalasang nangangailangan ng mas maraming oras kaysa sa kababaihan. Sinasabi sa Biblia na kailangang pumisan ang isang lalaki sa kanyang asawa (Genesis 2:24 KJV). Ang salitang ito na "pumisan" ay tila kakatwa sa unang paningin; maaari itong isalin bilang "magdikit" o "magkasama" o kahit "magkadugtong na parang iisang halaman". Ito ay pagkakaisa ng isipan, kaluluwa at katawan. Tingnan din sa pagsasalin ng NKJV ng talatang ito: *"ang isang lalake ay ... magpipisan ng kanyang asawa".* Ang kasal ay ibinigay ng Diyos hindi bilang "turnilyo" na uri ng koneksyon, kundi bilang "semento" na koneksyon. Hindi ito dapat baguhin o wasakin. Gayunman, kung mangyayari ito, ang pangmatagalang pinsala ang maidudulot. Ang kasal ay isang bigkis na hindi dapat masira. Ayaw ng Diyos na magdiborsyo; Napopoot siya rito (tingnan sa Malakias 2:16).

**Tandaan:** Ang "semento" na kung saan ang kasal ay nagiging di-mapaghihiwalay na yunit ay ang pagmamahal. Ang pagmamahal ay higit pa magmahal. Ang tunay na pag-ibig ay ipinapakita ng higit pa sa gawa kaysa sa mga salita... Handa tayong ibigay ang ating sarili sa iba, na hangarin ang pinakamainam na kapakanan ng iba. Ang pagmamahal ay paglalaan sa isa't isa, na may panahon para sa isa't isa. Kailangan nating maging handa sa pagmamahal na ito kapag naharap tayo sa pagpili ng asawa.

**Paalala:** Ang pagsasama ng mag-asawa na masyadong maaga ay lalong nanganganib. Karaniwan ay ang mga babae ay nagdurusa nang higit pa sa mga lalake. Huwag pumasok sa bigkis ng kasal hangga't wala kayo sa isang tamang kalagayan para bumuo ng intelektuwal, espirituwal at emosyonal na pagkakaisa. Maraming mga bata pang nag-asawa na masyadong dumanas ng mga problema, lalo na kapag napakaraming kontak sa tahanan ng kanilang mga magulang. Ang gayong pakikipag-ugnayan sa mga magulang ay maaaring magkaroon ng napaka-negatibong epekto. Dapat ninyong malaman ito.



# IV – Ano ano ang mga pamantayan sa pagpili ng asawa?

Ang paraan kung saan pinagsasama-sama ng Diyos ang isang lalaki at isang babae ay isang hiwaga, isang lihim. Gayunman, binibigyan kayo ng Diyos ng mga patnubay at pamantayan. Malinaw na ang pagpili ng asawa ay hindi maaaring maganap nang walang emosyonal na papel na ginagampanan. Ang puso ay kasangkot. Gayunman, gusto kong balaan kayo laban sa panganib na hayaang mapamunuan ang inyong sarili nang eksklusibo o walang pakundangan ng inyong damdamin. Masyadong mahalaga ang tanong para hayaang kumawala ang iyong damdamin. Tila napakahirap para sa inyo, lalo na kapag kayo ay nagmahal, ngunit lalong walang pakundangan kung iiwanan ang inyong katalinuhan sa mahalagang desisyong ito. Higit sa lahat, tandaan na ito ay higit pa sa isang pangangatwiran kaysa sa isang emosyonal na bagay.

May limang mahahalagang puntong dapat mong isaalang-alang:

**Tandaan:**
1. Nagbalik-loob?
2. Ano ang sinasabi ng Banal na Kasulatan?
3. Isang mahalagang dahilan
4. Napatunayang nasubaybayang talaan
5. Angkop?

## 1. Nagbalik-loob?

Ito ang unang tanong na itanong sa iyong sarili at ang sagot ay dapat malinaw at maliwanag. Kung mapapansin mo na ang isang hindi mananampalataya ay interesado sa iyo, o kung magsisimula kang maging interesado sa isang hindi mananampalataya, lahat ng pulang ilaw ay dapat magsindi! Ang kaisipan ng pagkakaroon ng asawang hindi mananampalataya ay hindi dapat pumasok sa iyong puso, hayaang malutas lamang doon. Alalahanin na ang kasal ay pagkakaisa ng isipan, kaluluwa at katawan. ***Hindi kapanipaniwala at imposible na ang isang anak ng Diyos ay bumuo ng gayong pagkakaisa ng isipan at kaluluwa sa isang hindi mananampalatayang asawa!*** Ano ang natira – ang pagkakaisa ng katawan – ay hindi kailanman magiging sapat para maikasal ayon sa kaisipan ng Diyos. Ang pagbibigay sa isang hindi mananampalataya ng pag-asa sa anumang bagay tungkol sa isang buhay na magkasama ay hindi lamang hindi makatarungan sa di mananampalataya, kundi mapanganib din para sa iyo.

**Tandaan:** Kung mapapansin mo na ang di mananampalataya ay interesado sa iyo, malinaw na ipakita sa kanya ang iyong totoong kulay at sabihin sa kanya na ikaw ay kabilang sa Panginoong Jesus. Linawin kaagad na anumang relasyon sa pagitan ninyong dalawa ay wala sa tanong kung nag-aalala kayo. Mas malinaw mula sa simula, mas mahusay.

Si Janet ay isang dalaga mula sa isang tahanang Kristiyano. Nagpasiya siyang sumunod sa Panginoong Jesus sa murang edad. Maraming beses siyang binalaan ng kanyang ama na huwag magpakasal sa hindi mananampalataya sa anumang sitwasyon. Namatay ang kanyang ama bago dumating ang gulang na pwedeng mag-asawa si Janet. Kalaunan, tumanggap siya ng pagtatapat mula sa isang binata na lubhang nagpabighani sa kanya. Sa kasamaang-palad, hindi siya mananampalataya. Sinagot ni Janet ang "hindi" sa kanya sa malinaw at tiyak na paraan, at sinabi sa kanya kung bakit. Hindi tumigil ang binata sa kanyang mga pagsisikap

na makuha si Janet, ngunit nanatili siyang hindi natitinag. Hindi niya ito maunawaan. Gusto niyang malaman ang lihim ng kanyang katatagan. Sinimulan niyang basahin ang Biblia at dumalo sa mga pulong ng mga mananampalataya. Nakumbinsido siya ng katotohanan ng Salita ng Diyos. Nakilala niya ang Panginoong Jesu-Cristo bilang kanyang Tagapagligtas.

## 2. Ano ang sinasabi ng Banal na Kasulatan?




Binanggit ng Diyos ang mahalagang paksang ito ng pag aasawa kapwa sa Luma at Bagong Tipan.

Sa Deuteronomio 7:3, 4 mababasa natin ito kaugnay ng mga bansang hindi banal ang Canaan: "Ni hindi kayo magpapakasal sa kanila. Hindi mo ibibigay ang iyong anak na babae sa kanilang anak na lalaki, ni kukunin ang kanilang anak na babae para sa iyong anak na lalaki. Sapagkat ihihiwalay nila ang inyong mga anak sa pagsunod sa Akin, upang paglingkuran ang iba pang mga diyos; kaya ang galit ng Panginoon ay pupukawin laban sa inyo at bigla kayong lilipulin." Napakalinaw ng salitang ito sa Lumang Tipan. Totoo ito para sa Israel, ngunit patuloy pa rin ang pagsasaganap nito sa panahong ito. Sa Bagong Tipan, isinulat ni Pablo sa mga taga-Corinto: " Huwag kayong makipamatok sa mga hindi mananampalataya, sapagkat anong pagsasama mayroon ang katuwiran at kasamaan? O anong pagsasama mayroon ang liwanag sa kadiliman? At anong pagkakasundo mayroon si Cristo kay Belial? O anong bahagi mayroon ang mananampalataya sa hindi mananampalataya? Anong pakikipagkaisa mayroon ang templo ng Diyos sa mga diyos-diyosan? (II Mga taga Corinto 6:14–16). Pag-isipan



kung paano nakaugnay dito ang mga salita, at makikita ninyo kaagad na ito ang mga bagay na hindi magkakasama:

- Pakikisama sa pagitan ng ***kabutihan*** at ***kasamaan***
- Pakikipag-ugnayan sa pagitan ***ng liwanag at kadiliman***
- Kasunduan sa pagitan ni ***Cristo*** at ni ***Belial*** (pagsasagawa ng kasamaan)
- Ang ***mananampalataya*** na may bahagi sa ***di-mananampalataya***
- Kasunduan sa pagitan ***ng templo ng Diyos*** at ng mga ***diyos-diyosan***

***Isa pang punto***

Isa pang punto: Ang kasal ay napakagandang larawan ni Cristo at ng Kanyang Iglesia, at ang bigkis ng kasal sa lupa ay representasyon ng bigkis ng langit ni Cristo at ng Kanyang Iglesia. Nakikinita ba ninyo talaga ang bigkis ng langit sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang Iglesia sa pamamagitan ng pagpapakasal sa isang hindi hindi mananampalataya? Ito ay hindi akma at imposible. Paano mo mamahalin bilang asawang lalaking mananampalataya, ang inyong asawang babaeng hindi mananampalataya katulad ng pagmamahal ni Cristo sa Iglesia? Paano ka magpapasakop, bilang asawang babaeng mananampalataya, sa lalaking hindi mananampalataya na ang Iglesia ay kay Cristo? Maaari bang ***katawanin*** ng isang lalaking hindi mananampalataya ***si Cristo?*** Maaari bang ***magpasakop*** sa kanya ang isang babaeng mananampalataya ***na katulad ng Iglesia kay Cristo?***

Gayunman, ang kasal sa pagitan ng isang mananampalataya at hindi mananampalataya ay hindi malulusaw sa ilalim ng kadahilanan na, sa anumang sitwasyon, ang Diyos ay hindi nagdala sa kanila sa isa't isa! Hindi iyan

lehitimong argumento. ***Ang kasal ay may bisa sa harapan ng Diyos kahit hindi pa ito nagwakas "sa Panginoon".***

## 3. Isang mahalagang dahilan

Ang isang kilala at parang maka-diyos na argumento ay ang sumusunod: "Nagpakasal ako sa isang hindi mananampalataya upang maakay ko siya sa Panginoon". Para itong magandang argumento, ngunit tiyak na walang pagpapala ng Panginoon. Ang kasal ay hindi pamamaraan ng pag-eebanghelyo. Umaasa ako na malinaw iyan sa lahat. Minsan ay nabasa ko ang sumusunod na pangungusap: *"Mas madaling baguhin ang buong mundo kaysa sa sarili mong asawa".*

## 4. Napatunayang nasubaybayang talaan!

Gayunman, hindi sapat na ang potensyal na asawa ay nagpapahayag lamang na siya ay mananampalataya. Ang Kanyang pananampalataya ay kailangang tunay at totoo.

### *Dalawang magkaibang pagsusulit*

Ang pagsubok sa katotohanan ng pananampalataya ng isang tao ay higit pa sa simpleng paniniwala na nagbalik-loob ang iyong magiging asawa. Gawin natin ang sitwasyon kung saan talagang naniniwala ang iyong magiging asawa. Kahit sa sitwasyong ito, ang pagsubok sa pananampalataya ay kailangan. Hindi ibig sabihin niyan ay maaari ka lamang magpakasal sa isang taong perpekto. Kung yan, wala pa rin akong asawa, at marami pang iba sa akin. Walang perpektong tao. Gayunman, ang pananampalataya ay kailangang subukin sa dalawang magkaibang aspekto:

- Mga bagay na mahalaga sa mundo
- Mga Espirituwal na Bagay

Hinggil sa mga ***bagay sa lupa*** ang kinababahala, ang ibig sabihin dapat lamang ninyong pakasalan ang isang tao kung ipinakita nila na kaya nilang matugunan ang mga hinihingi ng pang-araw-araw na buhay. Sinabi ni Solomon sa kanyang anak: *"Ihanda mo sa labas ang iyong gawa, at ihanda mo para sa sarili mo sa parang; at pagkatapos ay gawin mo ang iyong bahay."* (Mga Kawikaan 24:27). mailalapat natin ang bahay sa pag-aasawa. Para makapag-asawa, mahalagang magkaroon ng trabaho ang lalaki at maayos ang kanyang buhay. Ang mga kabataang sadyang umaasa sa pitaka ng kanilang mga magulang ay halos wala sa katungkulan para simulan ang sarili nilang tahanan. Kailangang alagaan ng isang dalagita ang sarili niyang sambahayan. Ito ang pinakamababang kinakailangan na kailangan niyang matugunan.

Ang pagsubok sa espirituwal na buhay ay kasinghalaga ng pagsubok sa mga bagay na makamundo. Pangalagaan ito. Pag-isipang mabuti ang sumusunod na mga tanong bago gumawa ng desisyon:

- ? Nagpapakita ba siya ng interes sa Salita ng Diyos at sa Kanyang mga iniisip?
- ? Ang sinasabi ba sa Biblia ay mahalaga sa kanya sa pang-araw-araw na buhay?
- ? Sigurado ka ba na ang iyong magiging asawa ay maaaring maging suporta at tulong sa mga espirituwal na bagay? At, puwede mo ring gawin para sa kanya?

- ❓ Regular ba siyang dumadalo sa mga pagtitipon ng Kristiyano?
- ❓ Interesado ba siya sa mga bagay patungkol sa Diyos?
- ❓ Interesado ba siya sa ebanghelyo?

Ang listahang ito ay hindi nakakapagod at wala kayong pag aalinlangang isipin pa ang iba pang mga tanong na isaalang-alang. Siyempre, ang mga ito ay panlabas, nakikitang palatandaan, ngunit ang mga ito ay mahalagang bakas na maaaring gabay sa iyo.

Sa 1 Mga Taga Corinto 14:35 mababasa natin na tungkulin ng lalaki na sagutin ang kanyang asawa kapag may mga tanong siya tungkol sa Banal na Kasulatan. Malaking responsibilidad ito sa kasamaang-palad ay napabayaan ng maraming asawang lalaki. Gusto kong magtanong ng dalawang bagay dito. Ang una ay para sa mga kabataang babae: "Nakikinita mo ba ang iyong sarili sa lalaking napili mo bilang isang taong makasasagot sa iyong mga katanungan tungkol sa Biblia, o kabilang ba siya sa mga sumusubok na makahanap ng pahayag sa kalagitnaan ng Biblia?" Ang pangalawa kong tanong ay para sa mga kabataang lalaki: "Nakikinita ba ninyo na magtatanong sa inyo ang babae na iyong napili tungkol sa Biblia? O mas mahalaga para sa kanya ang malaman kung ano ang bagong uso ng buhok at katulad ngbagong fashion?" Maaaring walang mali diyan, ngunit ang mahalaga ay mayroon kang tamang prayoridad.

Dapat ninyong tiyaking magpakasal sa isang taong may personal at matalik na pakikipag-ugnayan sa Panginoon. Magkakaroon kayo ng maraming katanungan para malutas nang magkasama.

Halimbawa: Paano ninyo palalakihin ang inyong mga anak? Anong mga espirituwal na gawain ang gusto ninyong gawin nang sama sama? Sigurado ka ba na sa iyong magiging asawa ay masusunod mo ang karaniwang landas tungkol dito? Hindi lang ako nagsasalita tungkol sa landas na susundan ninyo bilang mag-asawa, kundi ang landas na tatahakin ninyo, bilang mag-asawa, ay susundan ng iba pang mga Kristiyano. Ito ay mahalagang tanong. Pag-isipan ito: Kung bawat isa sa inyo ay dumadalo sa magkaibang pagtitipong kristiyano, ano ang mangyayari tuwing Linggo ng umaga? Tensiyon ay dadating, lalo na kapag mayroon kanyong mga anak!



**Tandaan:** Ang pagsasama ninyong mag-asawa ay hindi lamang para sa inyo. Dapat itong para sa Panginoon at sa Kanyang kaluwalhatian. Hindi ito nagaganap nang hindi napatunayan ang inyong sarili sa espirituwal. Suriin nang mabuti ang bagay na ito. Kung hindi ka sigurado, maghintay, o isuko ang relasyong ito.

## 5. Pagtutugma?

Ngayon ipalagay natin na ang 'asawa na iyong pinapangarap' ay isang mananampalataya at napatunayan ang kanyang sarili. May isa pang mas mahalagang punto. Ang iyo bang gustong pakasalan ay akma sa iyo talaga? Nang likhain ng Diyos ang isang babae para kay Adan, si Eva mismo ang talagang para sa kanya. Siya ang babaeng maihahambing sa kanya (Genesis 2:18).

### *Isang Unit*

Kasama ang iyong asawa, kayo'y magiging isang laman; mas matalik na ugnayan ito kaysa kaugnayan ninyo sa inyong mga magulang at mga anak, o ang kaugnayan ninyo sa inyong mga kaibigan. Higit pa ito sa pa-

gkakaroon ng isang taong kasama sa pagtulog. Walang dudang bahagi ito ng seksuwal na panig, ngunit ang pagpapakasal ay walang hanggan kaysa riyan. Hindi maihihiwalay ang pagkakaisa ng isipan, kaluluwa at katawan. Ibinabahagi mo ang lahat sa iyong asawa: mga paksa ng interes, damdamin, pagkain, bahay, oras, pera, paglilingkod sa Panginoon... Samakatuwid kailangan ninyong pag-isipang mabuti sa harap Panginoon kung ang iyong magiging asawa ay talagang "maihahambing" sa iyo at kung maibabahagi mo ang lahat sa kanya.

Maaring ang saloobin mo: "Ah! Masyadong kumplikado iyan. Ang mahalaga ay mahalin ang isa't isa; ang iba pa ay susunod". Mangyaring mag-ingat! Hindi ko sinasabi na ang pagmamahal na iyon ay walang papel na ginagampanan; sa kabilang banda, ang pagmamahal ay mahalagang sangkap ng kasal. Kung walang pag-ibig, walang nasa tama. Subalit ang pagmamahal ay hindi lahat ng bagay. Sinumang naniniwala sa gayon ay may kakaharaping malupit na katotohanang ito: ***Kung wala ang pag-ibig, ang kasal ay hindi maaaring gumana, ngunit ang pagmamahal lamang ay hindi sapat.***

May ilang mga katanungan na mas mabuting itanong muna sa iyong sarili, upang maiwasan ang anumang hindi kasiya-siyang pagkagulat sa hinaharap. Alalahanin na ang pamagat ng kabanatang ito ay "Pagtutugma". Ibig sabihin kailangan mo ring tanungin ang iyong sarili ng mga tanong na ito:

- ? Nakikipag-ugnayan ba siya sa Panginoon? Ang kanyang pag-uugali ba ay kakikitaan ng takot sa Diyos?
- ? Dumadalo ba siya sa mga gawain? Nakikibahagi ba siya sa iba pang mga kaganapang Kristiyano? Paano naman ang pakikibahagi sa Banal na Hapunan ng Panginoon?
- ? Ginagawa ba niya ang lahat upang paglingkuran ang Panginoon? Sinusuportahan ba niya ang mga aktibidad ng asembliya?
- ? Saan maihahalintulad ang kanyang mga kaibigan?
- ? Ano ang kanyang pag-uugali sa isang grupo? Siya ba ay palakaibigan, handang tumulong, nakikinig, mabuti sa pakikipag-ugnayan?
- ? Ano ang mga bagay na pinagmamalasakitan niya? May interes ba ako sa mga bagay na iyon o lubos na naiiba sa interes ko?
- ? Ano ang kanyang pag-uugali sa trabaho? Paano niya sinasabi ang tungkol sa kanyang mga kasamahan? Siya ba ay masigasig at nagtitiyaga?
- ? Ano ang pakikipag-ugnayan niya sa kanyang mga magulang at sa kanyang mga kapatid? Mahalaga ito dahil malamang na ang isang binatilyo ay mag-uugali kasama ang kanyang asawa na tulad ng ginagawa niya sa kanyang ina.
- ? Ang kundisyon ba ng mga materyales para sa pagtatayo ng bahay ay nasa lugar? Mag ingat: Huwag umasa sa mga kontribusyong pinansyal ng mga magulang o ng biyenan. Ito ay hindi isang mabuting batayan. Ang isipin na sa simula ng kasal ang babae ay responsable sa pangunahing kita ay hindi rin mainam.
- ? Bilang isang babae, tanungin ang iyong sarili kung ang iyong magiging katuwang ay kumikilos tulad ng isang lalaki. Hindi ko pinag-uusapan ang pagkalalaki o karisma, kundi tungkol sa mga katangiang tulad ng katapatan, pagiging maaasahan, o pagpipigil sa sarili. Handa na ba siyang tumulong sa pamilya? Handa na ba siyang pangalagaan ang mga bata?

Bilang isang lalaki, itanong sa iyong sarili kung ang iyong magiging asawa ay kakikitaan ng *"mahinhin, at maamong espiritu na napakahalaga sa paningin ng Diyos"* (I Pedro 3:4). Tanungin ang iyong sarili ng ilang mga praktikal na mga katanungan: Maaari bang mangalaga ang iyong magiging asawa ng isang pamilya? Alam ba niya kung paano magluto? Alam ba niya kung

paano panatilihin ang kaayusan? Alam ba niya kung paano pangasiwaan ang pera? Kaya ba niyang magpalaki ng mga anak? Gayunman, huwag kalimutan na ang uliran na babae na ginagawang perpekto ang lahat ay hindi umiiral!

Ang listahang ito ay hindi nakakapagod – malayo rito. Ito lamang ay ilang mga punto upang isaalang-alang sa paghahangad na malaman kung ang iyong magiging asawa ay tama para sa iyo o hindi. Maaari kayong mag-isip ng iba pang mga tanong sa iyong sarili.

Ang malaman kung ang iyong asawa ay tumutugma sa iyo ay isang pangangatwiran, na kailangan mong itanong sa iyong sarili nang buong talino at hindi sa iyong puso. Ito ay katanungan kung tumutugma ka sa espiritu, kaluluwa at sa katawan. Tingnan nating mabuti ang tatlong aspetong ito: espiritu, kaluluwa at katawan.

### *Pagtutugma sa intelektuwal at espirituwal*

Binigyan tayo ng Diyos ng espiritu upang makausap natin Siya at sa isa't isa.

***Sa pag-aasawa, ang ibig sabihin ng komunikasyon ay pagpapalitan ng mga katotohanan, kaisipan, pagpapahalaga at damdamin. Para sa lahat ng mag-asawa, mahalaga ang pagpapalitang ito, kapwa sa intelektuwal at espirituwal.***

Ipinapakita ng karanasan na maraming mag-asawa ang nabigo sa antas na ito dahil sa mababang komunikasyon. Kaya nga napakahalaga ng puntong ito!



Maaari tayong makipag-ugnayan sa iba't ibang antas. Ang unang aspeto ay intelektuwal. Napakahalagang talakayin ng mag-asawa ang kasalukuyan at pang araw-araw na mga isyu. Bukod pa sa mga pangkalahatang pangyayari, ang buhay-pamilya at propesyonal na buhay ay bahagi rin nito. Alam mo ba ang mga interes ng iyong magiging asawa, at matutukoy mo ba ang mga ito hanggang sa punto ng pakikipag-usap sa kanya tungkol dito? Hanggang saan, ang mga lalaki at mga babae ay dapat na magkapareho ng antas. Kung interesado ka sa isang tao mula sa isang ganap na magkaibang kultura, dapat mo munang isiping mabuti bago magpasya.

Ang pangalawang aspeto ay ang espirituwal na antas. Ito ay nangangahulugan na ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong katuwang tungkol sa mga paksa na may kaugnayan sa Biblia. Magkasama ninyong binabasa ang Biblia at pinag-uusapan ang nabasa ninyo. Magkasama kayong nananalangin. Napag isip isip mo na ba ngayon na hindi lang sapat na maging mananampalataya ang iyong asawa? Paano kayo magkakaroon ng espirituwal na pakikipag-usap sa iyong asawa kung tuwing Linggo hindi kayo dumadalo sa iisang lugar ng pagsamba? Paano mo matatalakay ang mga espirituwal na bagay kasama ang iyong asawa kung siya lang ay puro trabaho at football ang nasa isipan?

### *Pagtutugma sa kaluluwa*

Ang Diyos ay nagbigay ng kaluluwa sa mga tao. Ang kaluluwa ay sumasakop sa emosyonal na elemento, ang damdamin. Ang komunikasyon ay higit pa sa pagpapalitan ng mga katotohanan. Ang komunikasyon ay tungkol din sa pagpapalitan ng damdamin at nararamdaman. Kapag binuksan ko ang aking sarili sa kabilang banda, hinahayaan ko siyang pumasok sa aking kalooban. Kailangang madama ng kabiyak ko ang nangyayari sa aking kalooban.

***Ang damdamin at nararamdaman ay ang paghinga ng kaluluwa. Samakatuwid, napakalalim ng komunikasyon sa 'kaluluwa'. Hinahayaan nating tingnan ang ating kaluluwa at tinitingnan din naman natin ang kanilang kaluluwa. Ito ang mahalaga sa pag-aasawa. Kung hindi man ito ay nananatiling alyansa at hindi talaga nagiging pagkakaisa. Kung nais ninyong magkaroon ng tunay na lalim ang inyong pagsasama, itanong sa iyong sarili at sa iyong magiging partner kung kayo ay nasisiyahan sa pagtamasa ng tunay na komunikasyong emosyonal.***

Ang pagsasama ng mag-asawa na tila nabigo pagkaraan ng mahigit dalawampung taon. Pagkatapos ay ganito ang sinabi ng lalaki: " Ang aking asawa ay hindi kailanman pinapayagan akong makakita ng anumang bagay mula sa kanyang mundo ng mga damdamin, mula sa panahon ng aming pagsasama; at sa aking panig, ay hindi ko talaga binuksan ang aking kalooban sa kanya". Ang kasal na ito ay nakatadhana sa kabiguan mula sa simula. Iyan ang dahilan kung bakit dapat mong isipin ang aspetong ito! Mahalagang tanungin ang iyong sarili sa harapan ng Panginoon kung posible ang gayong mga pagpapalitan ng iyong magiging asawa.

### *Bilang pagtutugma sa katawan*

Ang katanungan ay hindi talaga kung ang asawa ay mataba o mapayat, matangkad o pandak. Gayunman, ang aspeto ng hitsura ay mahalaga. Maaaring sabihin ng ilan, "Talagang walang papel na ginagampanan – tanging mga taong hindi espirituwal ang may pakialam dito". Gayunpaman, hinayaan tayo ng Diyos na maging sensitibo sa kagandahan, kahit na ang pagiging sensitibo na ito ay ayon sa ating nakikita... Sigurado akong tuwang-tuwa si Adan nang una niyang makita ang kanyang asawa.



Talagang ginawa ng Diyos na maganda siya at si Adan naman ay tuwang tuwang tumanggap ng magandang asawa.

***Siyempre, ang tanong sa hitsura ay hindi lahat ng bagay.*** May mas mahahalagang isyu, tulad ng nakita natin. Ngunit sa kabilang banda, hindi ito masasabing hindi ito gumaganap ng anumang papel. Normal para sa iyo na gusto mo ang iyong magiging partner.

***Hindi kita papayuhan kailanman na magpakasal sa isang taong ayaw mo.*** Kamakailan sinabi sa akin ng isang 80-taong-gulang na lalaki na sa kanyang mga mata, ang kanyang asawa (82 taong gulang) pa rin ang pinakamagandang babae. Tiningnan ko siya, natigilan, pero talagang ibig niyang sabihin iyon.

***Kailangang malugod ang mga kabataang lalaki sa kanilang asawa at ganun din naman ang kanilang mga asawa sa kanila.*** Mahalaga! Nagsasalita ang Biblia nang ilang beses patungkol sa kababaihang maganda. Ngunit maging maingat! Ang kababaihang ito ay mayroon ding tunay na kagandahan sa kalooban. Si Rebecca, asawa ni Isaac, ay halimbawa niyon.

Ang pag ayaw sa katawan ng asawa ay mapaminsala.

**Tandaan:** ***Huwag magpakasal sa isang taong hindi mo nakikitang kanais-nais, ngunit huwag gumamit ng panlabas na kagandahan at ang sarili ninyong pagnanasa bilang pangunahing pamantayan sa paggawa ng desisyon.*** Ang kagandahan ay kumukupas. Sabi sa Mga Kawikaan 31:30: "Ang alindog ay madaya, at ang ganda ay walang kabuluhan, ngunit ang babaing natatakot sa Panginoon ay papupurihan.". Ang panloob na pagpapahalaga ng isang tao ay mas mahalaga kaysa kanilang hitsura at katawan.

***Ano ang tunay na magkatugma?***

Sabi ng ilan: "Ang mga magkakapareho ay mainam na magkakasama". Ang iba ay sumagot: "Ang magkasalungat nag aakitan". Palagay ko hindi tayo matutulungan ng alinman sa mga salitang ito. May mga kaso kung saan dalawang magkaibang tao ang nag-asawa. Naakit sila sa kanilang mga pagkakaiba; nakikipagtulungan sila sa isa't isa sa pamamagitan ng kanilang mga pagkakaiba. May iba pang mga kaso kung saan ang mga pagkakatulad ay kapansin-pansin.

Madalas maobserbahan na sa simula ng isang relasyon, ang mga pagkakaiba ay umaakit sa isa't isa. Kasunod nito, ang mga pagkakaibang ito ay kadalasang pinagmumulan ng suliranin. Sa puntong ito, ang tanong ay hindi na: "Ano ang nakakaakit sa akin sa ibang tao?" kundi "Ano itong tungkol sa ibang tao na nakakayamot sa akin?" Pag-isipang mabuti iyan.

Ang pagsasagawa ng sikolohikal na pagsusulit, kahit na sila ay may tinatawag na *"Kristiyanong Karanasan"*, ay walang katuturan. Hindi rin kailangang ibalita ang pahayag na: "Tulong, wala akong asawa. Sinong lalaki o babae ang tama para sa akin?" Maraming maling impormasyon ang makukuha sa mga espesyal na magasin o sa internet; ito ay lalong mapanganib para sa iyo, mga kapatid. Binabalaan ko lang kayo: Huwag panghawakan ang ganitong bagay! Hindi ito makakatulong!

Ang tanong tungkol sa pagkakaiba ng edad ay kadalasang itinatanong. Ilang taon ang pinakamalaking agwat ng edad? Walang sagot sa tanong na ito. Isang pagpapayo: Ang iyong asawa ay hindi dapat masyadong mas matanda pa.





# V – Tunay na pag-ibig

Tingnan natin ngayon ang kahalagahan ng pag-iibigan ng mag-asawa.

***Pag-ibig ang nagbubuklod sa isang lalaki at isang babae. Ang pagpapakasal ay nagpapahiwatig ng pagkaakit at pagmamahal sa isa't isa. Ang buong pagkatao ng potensyal na asawa ay dapat nakaaakit. Kung hindi, mas mabuting huwag mag pakasal. Kung walang pagmamahal, walang kasal ang maaaring maging maayos.***

## 1. Dalawang panganib

**1** Maaaring may panganib kung sobra na ang pagbibigay kahalagahan sa pag-ibig. Kung gaano kahalaga ito, hindi lamang ito ang pamantayan para sa pag-aasawa. Ngunit kinakailangan ng higit pa sa pag-ibig upang mapanatili ang ugnayan sa pagitan ng lalaki at babae sa isang tunay na maayos at masayang paraan. Hindi sa walang kadahilanan na sa ulat kina Adan at Eba, ang Diyos ay hindi nagsasalita ng pag-ibig, kahit na walang alinlangan na naroroon ito.

**2** Dapat maging malinaw tayo tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng Biblia sa salitang "pag-ibig". Ang pag-ibig sa diwa ng Biblia ay talagang ibang-iba sa naiintindihan ng karamihang tao sa salitang ito. Kung naunawaan natin ito nang tama, mapapansin natin na ang ***pag-ibig ay marangal*** at ***pinuputungan ang pag-aasawa.***

Narito ang isang 16-taong-gulang na binatilyo na kumikinang ang mata sa tabi ng isang 15-taong-gulang na batang babae sa paglubog ng araw sa isang upuan ng parke. Binubulong niya sa tainga ang tatlong kilalang matamis na salitang “I love you“ , ngunit ang nasa likod ng mga salitang ito ay higit pa sa pisikal na pakikipag-ugnayan. Ang totoo, Hindi nangangahulugang "I love you" ang ibig sabihin ng binatilyo kundi "Mahal ko ang aking sarili, at dahil diyan ***kailangan kita".*** Ito ay pag-ibig sa kabaligtaran – **ito ay pagkamakasarili.**

## 2. Ano ang hindi Pag-ibig

Ang pag-ibig ay hindi kung ano ang nakikita mo sa mga nobela, awitin at pelikula. Hindi ito ang nangyayari kung ang dalawang kabataan ay naghahalikan, hinahaplos o nakayapos sa isa’t isa. Ang pag-ibig ay hindi kapag ang puso ay mabilis na tumibok at ang pulso ay nagsimulang tumaas; hindi ito pagbulong ng “Mahal kita” sa bawat isa; hindi rin ito pagtulog na magkasama. Alam ko na sa mundo, iyan ang tinatawag nilang pag-ibig. Ngunit ang totoong pag-ibig sa kahulugan ng Bibliya ay isang bagay na ganap na naiiba, isang bagay na mas malalim kaysa doon.

### *Erotikong pag-ibig*

Paulit-ulit na binanggit sa Biblia ang pagmamahal ng isang lalaki at isang babae. Ang isang negatibong halimbawa – isang babala – ay kay Amnon, isa sa mga anak ni David. Mayroon siyang isang kapatid na babae na nagngangalang Tamar, na maganda at marahil ay may kaibig-ibig na pangangatawan. Siya ang pakay ng pagnanasa ni Amnon. Ang kuwento ay matatagpuan sa II Samuel 13. Ginagamit ng Biblia ang salitang "pagibig": *"Inibig siya ni Amnon na anak ni David..."* (t.1). Mahal na mahal niya ito kaya nagkasakit siya. Ang pagiging “*love-sick”* ay hindi isang makabagong imbensyon, dahil ito ay matatagpuan kahit sa Lumang Tipan. Pero ano ang halaga ng pagmamahal ni Amnon? Ito ay isang erotiko lamang at likas na pag-ibig, isang karnal na pagnanasa, Nais ni Amnon na makipagtalik sa kanyang kapatid na babae; ang kanyang pagmamahal ay hindi natuloy. Ang pagkakaroon ng masidhing pagnanais na malugdan ang kanyang seksual na pagnanasa, ang kanyang pag-ibig ay naging pagkamuhi Sinasabi pa sa atin sa talata 15 na labis siyang kinamuhian ni Amnon, kaya't ang pagkapoot na kinamumuhian niya ay higit pa sa pag-ibig na kanyang minahal. Ang pangyayaring ito ay maaari pa ring makita ngayon. Gawin nating halimbawa ang isang binatang nagpapahiwatig sa isang dalaga. Sa iba't ibang kadahilanan, hindi siya kaagad sumagot ng "Oo" sa kanya. Nagalit ang binata at sinimulan niyang pilitin siya.

Ito ay dapat na maging isang babala sa dalaga upang malaman na ito ay isang erotikong (karnal) pag-ibig sapagkat ang tunay na pag-ibig ay nakakapaghintay.

Ang isa pang halimbawa ng erotikong pag-ibig ay matatagpuan sa kuwento tungkol kina Samson at Delila (Mga Hukom 16)! Tila ito ay tungkol sa pagkikipagtalik at pera. Gusto niyang bigyang-kasiyahan ang kanyang makamundong pagnanasa, at naghahanap siya ng pera. Ang halaga ng pagmamahal niya kay Delila ay ang pagkawala ng kanyang paglalaan sa Diyos, ang kanyang pisikal na lakas at ng kanyang paningin. Ito ay malungkot na wakas para sa isang lalaking inilaan sa Diyos mula pagsilang. Sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos na sa pagtatapos ng kanyang buhay, binigyan pa rin siya ng isang malaking tagumpay laban sa kanyang mga kaaway.

**Tandaan:** Kung ang pag-ibig ay hindi hihigit sa kasiyahan ng mga karnal na pagnanasa, ito ay hindi hihigit sa pagkam-akasarili. Hindi ito kailanman magiging mahalagang pundasyon para sa kasal. Ang kasal ay nangangailangan ng higit pa rito.

## 3. Pagmamahal at paggalang

Sa Bagong Tipan, ang sulat kay Tito (2:4) ay nag-aanyaya sa mga kabata-ang babae na mahalin ang kanilang asawa. Ang ibig sabihin ng salitang "pag-ibig" sa talatang ito ay "magkaroon ng pagmamahal", "upang paha-lagahan". Ang ganitong uri ng damdamin ay napakahalaga sa pag-aa-sawa. Masisiyahan ka lamang sa iyong magiging katuwang kung mayroon kang pagmamahal sa kanya, kung pinahahalagahan mo at hinahangaan mo siya. Nangangahulugan ito na nakakita ka ng isang bagay sa kanya na gusto mo at nagbibigay sa iyo ng kagalakan. Siyempre, ito ay hindi lamang ang katawan ng iyong asawa. Sa huli, nais mong mahalin ka ng buo. Ano ang iisipin mo kung ang katawan mo lang ang mahal ng kapareha mo? Hindi ito tungkol sa pambalot, kundi tungkol sa nilalaman, mga panloob na katangian at kabutihan.

Kung hindi ka maaaring magkaroon ng ganoong damdamin, mas mabuti na wakasan ang iyong relasyon. Napakahalaga ng pagmamahal at respeto sa pag-aasawa.



## 4. Ang pinakamalalim na pag-ibig

Sa pag-aasawa, ang pag-ibig ay higit na malalim kaysa sa pagmamahal at respeto. Sa Mga Taga Efeso at Colosas, ang mga asawang lalaki ay tinawag upang mahalin ang kanilang asawa (Mga taga Efeso 5:25; Mga taga Colo-sas 3:19). Dito gumagamit ang Bibliya ng ibang salita para sa "pag-ibig"; ito ay ang parehong salita na ginagamit upang pag-usapan ang pag-ibig ng Diyos sa mga tao (Juan 3:16). ***Ito ay isang walang-hanggang pag-ibig, isang pag-ibig na walang pag-iimbot, isang pag-ibig na nagbibigay, kahit na walang dahilan upang gawin ito. Ang pag-ibig na ito ang tunay na "semento" na tiyak na nagbubuklod sa kasal. Dapat tayong maging handa na mahalin ang isa't isa sa ganitong paraan kapag gusto nating sabihing "Oo" sa isa't isa.***

imposibleng ipaliwanag ang pagmamahal na ito, ngunit makikita natin kung paano ito ipinapakita mismo:

**Tandaan:** Ang pag-ibig ay isang estado ng pag-iisip, isang panloob na ugali. Nangangahulugan ito na ang mga interes ng aking asawa ay nanaig sa akin. Ang pag-ibig ay ipinapa-kita sa pamamagitan ng pagbibigay; ipinakita ito sa mga gawa, sa pagtatalaga, sa interes at pag-unawa sa bawat isa. Ang ibig sabihin ng pag-ibig ay tumutulong tayo sa isa't-isa. Ang pag-ibig ay ipinapakita sa pagbibigay natin ng proteksyon at seguridad sa iba.

Ang pagmamahal ay hindi isang "Ako" na nakatayo sa gitna ng lahat. Na-kikita nito ang mga pangangailangan at hinahangad na maging kapaki-pakinabang sa iba pa. Ang umibig ay nangangahulugang handa na mag-sakripisyo, upang ipagpa-ubaya ang isang bagay. Sa palagay mo posible

ang isang kasal na walang pagtanggi sa sarili? Hindi. Iyon ang dahilan kung bakit pinakamainam na huwag magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong sarili, " Ano ang idudulot sa akin ng kasal? " Oo, magdadala ito sa iyo ng maraming bagay. Ngunit may kinakailangan din ito mula sa iyo. Ano ang kailangan nito? ***Pagkakait sa sarili dahil sa pagmamahal!*** Hindi lamang ang mabuti at magandang araw, kundi mga araw ng paghihirap at pakikibaka. Kung nais nating mabuhay bilang mga makasariling tao, mas mabuti na huwag magpakasal. Ang pagmamahal ay nagpapahiwatig ng paglilingkod.

Inaasahan na malinaw na nauunawaan mo na ngayon na hindi tayo nakikipaglaro sa pag-ibig, at hindi natin ipinagwawalang bahala ang kasal. Upang makapagmahal ng walang pag-iimbot, kailangan ang isang tiyak na kahustuhan ng isip. Ang isang tinedyer na nasa yugto pa rin ng pagbibinata o pagdadalaga ay hindi pa handa sa ganitong bagay.

***Ang pag-ibig ay tulad ng isang maganda ngunit maselan na halaman. Kailangan nito ng panahon para mamukadkad. Ang pagmamahal ay hindi automatikong mararamdaman na pag nasimulan mo ay mag tuloy-tuloy na. Marupok ang pag-ibig; dapat ito ay maingat na alagaan, protektahan at pagyamanin.***

Isang ama ang nagbigay ng magandang payo sa kanyang mga anak habang lumalaki sila: "Huwag kang magpakasal sa isang babaeng hindi mo mahal, pero huwag sabihin kailanman sa isang dalaga na "Mahal kita" kung ayaw mong pakasalan siya." Ito ay nagsasabi ng maraming bagay.

***Ang pag-ibig ay maaaring matutunan:*** Upang maipakita ang pag-ibig, dapat matugunan ang mga tukoy na kundisyon; ito ay nangangailangan ng pasensya, pagtitiwala, katapatan at dedikasyon.

***Ang pag-ibig ay pagsuko:*** Mabuting matutong talikuran ang iyong sariling mga pangangailangan, at pahalagahan ang mga hinahangad ng iba kaysa sa kasiyahan ng iyong makasariling mga hangarin.

***Ang pag-ibig ay mapagbigay:*** Ito ay nagbibigay ng malasakit, pagkakaibigan, seguridad at pang-unawa. Tinutulungan nito ang kaluluwa na mahusto.



# VI – Ang pagpili ng isang kapartner ayon sa Biblia

## Isang positibong halimbawa

Gusto na nating tingnan ngayon ang halimbawa mula sa Biblia para makita kung paano magpapatuloy sa pagpili ng asawa. Marahil, hanggang ngayon, lahat ng ito ay tila teoretikal sa iyo, ngunit nariyan ang Biblia para tulungan tayo. Binibigyan tayo nito ng mga halimbawang maaari nating sundin. Mangyaring malaman na walang "*magic formula*", at di namin nais o bigyan ng kahulugan ang isang pamantayan. Sa kabilang banda, maaari nating makilala ang mga prinsipyo ng Bibliya at matuto mula sa mga ito.

Ang kilalang halimbawa na gusto nating suriin ay sa Genesis 24. Mag-simula sa pamamagitan ng pagbabasa ng kabuuan ng kabanatang ito! Sa simula ng kabanata, nakita natin si Abraham, na ama ni Isaac, na na-ghahanap ng asawa para sa kanyang anak at nagwakas ito sa "Dinala siya ni *Isaac sa tolda ng kanyang ina; at kinuha niya si Rebeca at siya ay naging kanyang asawa, at minahal niya siya"* (24:67). Ang pagtatapos ng kasal na ito ay masaya at may matutunan tayo mula sa kwentong ito.

Maaari mong isipin sa iyong sarili: Sino ang amang gustong magpadala ng isang tao sa ibang lugar para humanap ng asawa para sa kanyang anak – at bukod pa rito, isang babaeng ni hindi kilala ng binata? Sang-ayon tayo sa puntong ito! Ngunit sa kabanatang ito matatagpuan natin ang mga alituntunin at tagubilin na maaari nating espiritual na mailapat sa ating sarili. Kung gagawin natin ito, ang kwentong ito ay magiging buhay, praktikal, at lubos na nauugnay.



Walong mahahalagang puntos na may kaugnayan sa ating paksa:

### *1. Pagtitiwala sa Diyos*

Ipinapakita sa atin ng kabanatang ito ang mga taong walang hanggan ang tiwala sa Diyos. Ang unang nagtiwala ay si Abraham. Kumbinsido siya na inihanda na ng Diyos ang tamang babae para sa kanyang anak. Sa pagti-tiwalang ito, ipinatawag niya ang kanyang alipin at isinugo siya. Sa talata7 sinabi niya: *"Isusugo Niya ang Kanyang anghel sa harapan ninyo".* Sa pagsa-sabi nito, inililipat niya ang kanyang personal na tiwala sa kanyang alipin. Ang alipin ay kasing tiyak ni Abraham na aakayin siya ng Diyos at may katiyakan na umalis siya. Nakikinig siya sa paraan ng pamumuno ng Diyos sa lahat ng bagay. Sa talata 12 sinabi niya: *"Panginoon... mangyaring bigyan ako ng tagumpay sa araw na ito ...".* Sa talata 21 gusto niyang makita kung pinagpala ng Panginoon ang kanyang paglalakbay, at sa talata 27 sinabi niya bilang paggunita*: "Inakay ako ng Panginoon".* Gayundin, kinailangang magtiwala ni Rebecca at ang kanyang pamilya. Kung wala ito, hindi natin maiisip na aalis si Rebecca kasama ang lalaking ito na halos hindi niya kilala, upang makilala ang isang lalaking hindi pa niya nakikita dati.

Ang pagpili ng katuwang ay nagsisimula sa pagtitiwala sa Diyos. Maaari kang magtiwala na bibigyan ka ng tamang katuwang. Angkop ito kapwa sa mga kalalakihan at kababaihan. Magtiwala ka sa Panginoon. Alam niya ang tamang kapareha para sa iyo, ang isa na kailangan mo.

**Tandaan:** Bilang mga Kristiyano, dapat nating ilagay ang lahat ng ating buhay sa kamay ng ating Diyos, lalo na pagdating sa pagpili ng asawa. Ang pagtitiwala sa Diyos ay mas mainam kaysa magpapasasa sa mga personal na isinasaalang-alang, at kumilos sa malayang pamamaraan.

Ang pagtitiwala sa Diyos ay mas mainam kaysa simulang makipagharutan sa ibang kasarian upang "magkaroon ng karanasan". Itigil ito!

Ang pagtitiwala sa Diyos ay mas mainam kaysa makipagharutan sa iba pang kasarian para makapag "eksperimento". Kalimutan ang tungkol diyan! Hindi ito magdadala sa iyo sa kahit saan. Maraming relasyong nagsimula sa ganitong paraan at humantong sa pag-aasawa na natapos sa isang malungkot o kahit sa magulong sambahayan. Itinuturo sa atin ng Salita na iabot ang bagay na ito sa Diyos at magtiwala sa Kanya.

Ilagay ang iyong tiwala sa iyong Panginoon!

*"Ilaan mo rin ang iyong daan sa Panginoon, magtiwala rin sa Kanya, at isasakatuparan Niya ito."* Mga Awit 37:5

*"Magtiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan."* Mga Kawikaan 3:5

### *2. Panalangin*

Mabilis na naunawaan ng masigasig na mambabasa na mahalaga ang papel na ginagampanan ng panalangin sa ika-24 na kabanata ng Genesis. Kahit hindi tuwirang binanggit ang pakikipag-ugnayan kay Abraham, mauunawaan natin mula sa konteksto na tinalakay niya ang kanyang plano sa Diyos, at ipinahayag na ang alipin ay nananalangin. Sa talata 13 ipinaubaya lang niya ang kanyang sitwasyon sa Diyos. At si Isaac ay isang tao rin ng panalangin na naghangad na makipag-ugnayan sa kanyang Diyos (t. 63).




**Tandaan:** Kung walang matinding panalangin, hindi mo magagawa ang tamang pasiya. Sa pamamagitan nito ipinapahayag mo ang inyong pag-asa sa Panginoon. Bago ka gumawa ng mahalagang desisyon, kailangan mong mag-ukol ng oras upang manalangin sa Panginoon.

Hindi kailan man maaga pa para simulan ang pananalangin. Kahit hindi ka (hindi pa) seryosong humaharap sa pagpili ng asawa, maaari na ninyong ipanalangin ito at hilingin sa Panginoon na akayin ka at ihanda ka upang maiwasan ang paggawa ng mga pagkakamali. Sa lubos na ibang konteksto, sumulat si Apostol Pablo sa mga taga-Colosas upang sila ay " *Idalangin din ninyo kami, na buksan sa amin ng Dios ang pinto para sa salita"* (Mga taga Col. 4:3). Kung nais nating magkaroon ng bukas na pintuan, lalo na tungkol sa pagpili ng asawa, dapat nating ipanalangin ito. Hindi iiwan ng Diyos ang gayong panalangin na hindi sinasagot.

Una sa lahat ito ay personal na panalangin, ngunit magagawa rin natin ito kasama ng iba, halimbawa kasama ng ating mga magulang o malalapit na kaibigan. Ito ay paksa ng panalangin kung saan maaari nating hangarin at panatilihin ang pakikipag-ugnayan sa iba. Sa anumang sitwasyon, ang panalangin ay dapat mauna sa paghahanap ng asawa. Tulad ng nakita natin sa itaas, hindi mabuting nakapagpasya na at pagkatapos ay hihilingin sa Diyos na ibigay sa iyo ang kapahintulutan.

### *3. Ang Salita ng Diyos*



Kapansin-pansin na ang desisyon tungkol kay Rebecca ay naganap malapit sa isang balon (o bukal). Ang pinagmulan ay binanggit din nang ilang beses. Nang unang makita ni Isaac ang kanyang asawa, malapit siya sa isang balon. Hindi ito nagkataon lamang. Ang balon o bukal ay nangungusap dito, tulad sa iba pang mga talata, ng Salita ng Diyos. Ito ang Salitang dapat mag-akay sa atin sa katanungan sa pagpili ng asawa.

**Tandaan:** Nananalangin tayo upang humingi ng patnubay sa Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang Salita, malinaw na nangungusap sa atin ang Diyos, na itinuturo sa atin ang Kanyang mga saloobin at ang tamang landas. Maraming talata sa Biblia na patungkol sa pagpapakasal. Ipinapakita nito sa atin ang mga alituntuning ibinigay para sa ating kaligayahan. Mabuti na isaalang-alang natin ang mga ito bago mangako ng pagpapakasal.

Para makapaghanda sa pag-aasawa at sa pagpili ng asawa, mahalagang malaman natin kung ano ang iniisip ng Diyos tungkol sa bagay na ito. Hinarap na natin ang pamantayang inilahad sa atin ng Salita ng Diyos. Paano natin nanaisin na matugunan ang mga pamantayang ito kung hindi natin ito nakikilala? Ang mahalagang kondisyon upang malaman natin ang mga ito ay suriin ang Salita ng Diyos at makinig sa ipinapahayag nito sa atin. Huwag nating balewalain ito! Mas alam ng Diyos ang lahat kaysa sa atin.



May isa pang kaisipan na may kaugnayan sa katotohanan na ang alipin at si Rebecca, at kalaunan ay sina Isaac at Rebecca, ay nagkakilala sa isang balon. Mahalagang tulutan mo na maakay ka ng Salita ng Diyos, at mahalaga rin na gawin din ito ng iyong magiging asawa. Hangaring malaman kung ano ang pagpapahalaga niya sa Salita ng Diyos sa kanyang buhay.

### *4. Pagtitiis*

Ang pagtitiis ay isang kabanalan na maraming tao ang nagkukulang. Sa Genesis 24, lahat ay nangyayari nang ***payapa at tahimik.*** Walang anumang bagay na kailangang paghirapan tungkol dito. Tiyak ko na lubhang naantig ang alipin nang makita niya ang patnubay ng Diyos. Subalit, walang kabalisahan sa takbo ng mga pangyayari. Sa kabilang banda, ang alipin ay matiyaga. Hinihintay niyang akayin siya ng Diyos nang ***paunti-unti.*** Nilinaw lamang nito ang lahat na wala nang pag-aatubili, alinman sa kanya o kay Rebecca.

Ang hindi pagmamadali sa pagpili ng asawa ay mahirap matutuhan. Kung minsan iniisip natin na kung wala kang kasintahan sa edad na 18, ay marahil nagkamali ka sa isang banda. Medyo salungat! Dapat nating hayaang mag-ukol tayo ng oras para sa mahahalagang isyung ito. Walang nagmamadali sa atin – maliban siguro tayo mismo. Ngunit kung pipilitin tayo ng iba (halimbawa, ang ating mga magulang o kaibigan) ay hindi nila ito ginagawa sa patnubay ng Diyos. Sa Mga Kawikaan 19:2, nagbabala si Solomon: " *Gayon din ang kaluluwa na walang kaalaman ay hindi mabuti; At siyang nagmamadali ng kaniyang mga paa ay nagkakasala".* Ating isapuso ang babalang ito.

### *5. Walang makikipamatok*

Pinagtibay ng mga pangyayari sa Genesis 24 ang puntong ito: Inilakip ni Abraham ang malaking kahalagahan sa kanyang anak na lalaki na hindi magpakasal sa isang anak na babae mula sa mga Cananeo na kanyang tinirhan. Hindi ba maganda ang mga dalaga roon? Hindi ba sila masipag? Wala akong alinlangan na sila ay ganun nga. Gayunman, ayaw ito ni Abraham para sa kanyang anak. Inilakip niya ang pinakamahalaga ang magkaroon ng isang babae mula sa kanyang pamilya. Ano ang mali sa iba pang mga dalagita? Sila ay may mga diyos-diyosan, at ayaw ni Abraham na magkaroon ng kaugnayan ang kanyang anak sa pagsamba sa mga diyus-diyusan.

Para sa atin, ibig sabihin nito ang asawa ay dapat maging bahagi ng pamilya ng mananampalataya. Sa mundo, hindi lamang mga magagandang tao, kundi pati na rin ang mga taong may marangal na pagkatao. Ano ang nawawala sa kanila? Hindi nila kilala ang Panginoong Hesus. Pinaglilingkuran nila ang isa pang panginoon. Napakalinaw ng kailangan nating gawin: Lumayo. Walang kompromiso sa puntong ito at wala itong kinalaman sa diskriminasyon.

### *6. Pagsang-ayon ng mga magulang*

Narating na natin ang isang maselang punto dito, ngunit mahalagang isaalang-alang. Nakita na natin ito bago ikinasal sina Isaac at Rebecca, pumayag ang kanilang mga magulang. Nagtiwala si Isaac sa kanyang ama, at pinagkatiwalaan naman ni Rebecca ang kanyang mga magulang. Alam ko na sa tanong na ito, maraming kabataan ang nahihirapang makinig sa kanilang mga magulang. Kung bibigyan kayo ng inyong mga magulang ng payo, makabubuting pagtuunan ninyo ito ng pansin. Siyempre hindi ang inyong mga magulang ang magpapasya kung sino ang inyong pakakasalan – sana'y malinaw ito, para din sa inyong mga magulang. Gayunman, ang mga magulang ay may karapatang makialam, kahit man lang sa moralidad. Para magamit ito nang wasto, kailangan ninyo ng karunungan. Para sa maraming magulang, mahirap magbigay daan. Gayunman, mahal kong mga kabataan, kung bibigyan kayo ng inyong mga magulang ng payo na hindi angkop sa inyo, dalhin ito sa harapan ng Panginoon, para malaman kung angkop na makinig dito o hindi. Marami sa mga kasal na nabigo ay mga pagsasama ng mag-asawa na hindi masayang sinang-ayunan ng mga magulang.



Siyempre may dalawang panig. Ang isa ay ang panig na inilahad ko. Handa na ba kayo, mga kabataan, na makinig sa payo ng inyong mga magulang? Ngunit may isa pa ring panig: Bilang mga magulang handa ba kayong bigyan ng magandang payo ang inyong mga anak? Narito ang isang binatang lumapit sa kanyang ama na nagsasabing, "Itay, gusto kong makipagkasundo ng kasal. Anong payo ang maibibigay ninyo sa akin tungkol sa paksang ito?" "Hindi ko ito suliranin, anak, kundi sa iyo. Gawin mo ito para sa iyong sarili!" Posible ba na tayo, bilang mga magulang, ay hindi kailanman tatalakayin ang mahalagang paksang ito sa ating mga anak?

**Tandaan:** Mahalagang pag-usapan ang kasal kasama ang inyong mga magulang, bago pa man kayo maging nasa edad na para mag-asawa at magkaroon ng kongkretong mga tanong. Magkaroon ng ugnayan ng pagtitiwala sa iyong mga magulang na magpapahintulot sa iyo na lubos na makipag-usap sa kanila tungkol sa mahahalagang paksang ito. Ang pagpili ng asawa ay kadalasang isang prosesong nangyayari sa loob ng mahabang panahon.

Paano kung wala kayong gayong mga magulang para bigyan kayo ng makadiyos na payo? Hanapin ang isang matandang kaibigan na maaari mong kausapin. Sa anumang sitwasyon, makabubuting humingi ng espirituwal na payo mula sa nakatatanda at mas bihasang mga kapatid.

### *7. Huwag gumamit ng panggigipit*

Sa salaysay sa Genesis 24, walang pagpipigil o pamimilit. Ang buong kabanata ay nagpapakita ng isang tiyak na pagkukusa. Ang alipin, bagama't sigurado sa kanyang kalagayan, ay nagbibigay kay Rebecca at sa kanyang mga magulang ng pagkakataong magsabi ng oo o hindi. Hindi niya inilalagay ang anumang pamimilit sa kanila. Sa talata 49 sinabi niya sa mga magulang: " *At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamarapatin sa aking panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o sa kaliwa. "*, at sa talata 58 mababasa natin: "*At kanila ngang tinawag si Rebeca, at kanilang sinabi sa kaniya, Sasama ka ba sa lalaking ito? At sinabi niya, Sasama ako. "*. ***Gumawa siya ng sarili niyang desisyon.***

***Tila mahirap ito, dapat tayong maging handang tumanggap at sang-ayunan ang "hindi" mula sa 'kabilang panig ng mesa'***. Hindi natin dapat pilitin ang iba, ngunit dapat nating hayaang magpasiya sila nang malaya.

Hindi mabuting pilitin ang iba. ***Totoo ito lalo na sa mga binata. Mas mabuting huwag gamitin ang argumentong "Ako ay kumbinsido na kalooban ito ng Diyos".***



**Tandaan:** Maging handang tanggapin ang "hindi". Maging handa ring magsabi ng hindi kung wala kayong kagalakan o kapayapaan. Ang kasal ay hindi malulusaw. Ito ay isang kahuli-hulihang na desisyon. Ang gayong desisyon ay hindi dapat gawin sa ilalim ng pamimilit, ngunit malaya at mahinahon.

Lumalala ang sitwasyon kapag nakibahagi ang pangatlong pangkat at namimilit na ipakasal ang dalawang kabataan. Huwag hayaang mangyari ito sa inyo. Ang pinsala mula sa naturang pakikialam ay maaaring maging malubha.

Kung minsan mabuting hilingin sa ibang tao na magkaroon ng kaunting tiyaga. Ang "hindi" ay hindi nangangahulugang tiyak. Kung minsan kinakailangan ng isang dalaga na kakatanggap lamang ng marriage proposal ng kaunti pang panahon.

### *8. Panloob na halaga*

Si Rebecca ay isang magandang babae, tunay na napakaganda. Mahal kong mga kabataang babae, magpasalamat kayo sa Panginoon kung maganda kayo; nagmumula ito sa Kanya. Ngunit huwag mong ipagyabang ito! Tandaan na ang panlabas na kagandahan ay naglalaho sa malaon at madali. Ang natitira ay ang mga natatagong pagpapahalaga at katangiang panloob. Nagtataglay ng mga ito si Rebecca. Sa tingin ko ang alipin, na tiyak na hindi bulag sa kanyang panlabas na kagandahan, ay nagbigay ng espesyal na pansin sa kanyang mga panloob na mga katangian.

Ano ang mga pangloob na pagpapahalaga na marahil nakatimo sa alipin?

- ***Mabait*** si Rebecca. Nang humingi ng tubig ang alipin, kusa niyang ibinigay ito sa kanya. Hindi sya ginawang mayabang ng kanyang kagandahan, at naglingkod siya sa estranghero nang may kabaitan.
- Si Rebecca ay ***may bukas na mga mata sa mga pangangailanggan ng iba, at alam nya kung paano maging bahagi nito.*** Hindi lamang siya nagbigay ng tubig sa alipin, kundi nagbigay din ng tubig sa mga kamelyo, na ito ay hindi dapat ituring na hindi mahalaga. Ang kamelyo ay maaaring uminom ng isandaang litro ng tubig sa loob ng sampung minuto.
- Si Rebecca ay isang ***masipag na babaeng nagtatrabaho.*** Hindi siya kumilos nang pabagal-bagal o tamad. Ilang beses itong nabanggit *"Nagmamadali siya"* o *"Tumakbo siya"*.
- Si Rebecca ay ***mapagpatuloy.*** Bagama't bahay iyon ng kanyang mga magulang, malinaw sa kanya na maaaring manatili at magpalipas ng gabi ang mga estranghero doon.
- May kakayahan si Rebecca ***na gumawa ng mga desisyon.*** Mukhang hindi siya isang batang babaeng pinangangalagaan ng mayayamang magulang, ngunit siya ay nasa katatayuan na gumawa ng mahahalagang desisyon para sa kanyang sarili.
- Si Rebecca ***ay malaya.*** Pagdating sa pag-alis sa bahay ng kanyang mga magulang, hindi siya nag-atubili nang matagal, at nagpunta sa Canaan kasama ang alipin.

Ang ilang mga puntos na ito ay huwaran. Ang mga panloob na pagpapahalagang ito ang naging dahilan kung bakit sya ay naging mahalagang babae. Pinagtitibay nito ang nakita natin: Ang kaanyuan ay hindi sinasabing walang kahalagahan, ngunit ang mga katangian na panloob ang mahalaga. Dapat nating malaman na ang kasal ay hindi romantikong paglakad sa paglubog ng araw. Ito ay hindi isang matalik na pagkain sa beranda ng isang magandang restawran sa ilalim ng liwanag ng buwan, o isang romantikong pagsakay sa "*limousine*" sa ilalim ng sikat ng araw. Kung bibigyan tayo ng Diyos ng gayong mga sandali, tanggapin natin ito nang may pasasalamat. Gayunman, ang buhay may-asawa ay higit pa riyan, at hindi ito laging madali. Ang buhay na kinasasangkutan ng dalawang tao ay hindi lamang dumaranas ng maliwanag na tugatog. Mayroon ding madilim na mga araw. Hangad ko na ang bawat isa sa inyo ay magkaroon ng magandang "*honeymoon*", ngunit mabilis itong lumilipas. Pagkatapos ay araw-araw na dumarating ang buhay (sadyang hindi ko sinasabi "ang araw-araw na buhay ay nakakabagot"). May mga panahon ng krisis, paghihirap sa trabaho, sakit o problema sa mga bata. Dito nagiging importante ang panloob na pagpapaahalaga.



Sa huling pagkakataon ay Itanong sa iyong sarili ang sumusunod na tanong: Talaga bang ang iyong mapapangasawa ay nagpapakita ng dedikasyon? Nakikinita mo ba, halimbawa, ang babae o ang lalaki na iyong pangarap na nag aalaga ng isang batang maysakit sa buong magdamag, o gumigising nang ika-apat ng umaga para alagaan ang iyong maliit na anak? Ang mga bagay na iyon ay napakahalaga marahil kung magpapakasal ka.

**Tandaan:** May mga araw, ang kasal ay tunay na hamon. Ang mga kinakailangan nito ay maaaring maging matindi. Hindi natin kailangan ng isang asawang modelo, ni ang isang lalaking tila lumabas sa isang "*fashion magazine*". Kailangan natin ng asawa, na nakakaalam kung paano makibahagi, asawa na makakatulong. Ang asawa para sa maaraw na araw ay hindi sapat!

# VII – Ang pagpili ng isang katuwang ayon sa Biblia

## Isang negatibong halimbawa

Sa kasamaang-palad, mayroon ding mga negatibong halimbawa, kapwa sa pang-araw-araw na buhay at sa Biblia. Isa sa kanila si Samson. Ang bahaging ito ng kanyang kasaysayan ay mababasa sa Mga Hukom 14. Sa kasamaang-palad, mali ang ginawa ni Samson sa bawat aspeto. Isa siyang Nazareno, na inilaan sa kanyang Diyos. Ngunit patungkol sa mga kababaihan, naglaho na ang kanyang kabanalan. ***Kumilos siya ayon sa sarili niyang mga hangarin at para sa kanyang sariling kasiyahan.*** Ang Kanyang halimbawa ay ibinibigay bilang babala!

**1** Si Samson ay kumuha ***ng isang babaeng hindi mananampalataya*** mula sa mga Filisteo. Ang mga Filisteo ay nanirahan sa lupain ng Canaan kasama ang mga Israelita, ngunit hindi sila kabilang sa mga piling tao ng Diyos. Ang mga Filisteo ay larawan ng mundo sa ating paligid, hindi gaanong tungkol sa pagkatao ng moralidad, kundi sa pagkatao nito sa relihiyon. Masasabi natin na sila ay larawan ng mga naturingang Kristiyano!

**2** Ang babaeng gusto niyang ***pakasalan ay nakalulugod sa kanya*** (14:3). Gusto niyang makuha siya, at hindi nakinig sa mga babala ng kanyang mga magulang. ***Siya ay matigas ang ulo at hindi matalino.*** Kumikilos siya ayon sa kanyang sariling isipan.




**3** Pinahintulutan ni Samson ***ang kanyang sarili na magabayan ng kanyang mga mata.*** Nakikita niya ang isang babae sa Timna, at sinabi niyang *"Pinalulugod Niya ako"* (t. 1–3). Oo, kaakit-akit at magagandang babae ang mga Filisteo. ***Hinahayaan ni Samson na magpagala-gala ang kanyang mga mata kung saan hindi nararapat***. Si Job, sa kabilang banda, ay nakipagtipan sa kanyang mga mata, at ayaw niyang tumingin sa isang dalaga (Job 31:1). Lalo na para sa mga lalaki, ang panlabas na hitsura ay madalas na isang partikular na panganib. Ito ay umaakit at nakakabulag. Maraming magagandang kababaihan sa mundo. Pero paano naman ang kanilang mga panloob na katangian?

**4** Kung sa isang banda ay hindi nakinig si Samson sa kanyang mga magulang, sa kabilang banda naman ay hindi niya ***talaga inilayo ang sarili sa kanila.*** Tila hindi siya handang mag-asawa. May mga bagay na ayaw niyang sabihin sa kanyang asawa nang hindi muna kinakausap ang kanyang mga magulang (14:16b). Mauunawaan natin na ang babae ay hindi tunay na nalulugod dito. Ang gayong pag-uugali ay nagpapabigat sa pagsasama ng mag-asawa. Ang kasal ay pagkakaisa. ***Kung napansin ng asawa na mas mahalaga ang mga magulang kaysa sa kanya, ay mabilis na nawawala ang tiwala.***

**5** ***Hindi natin nakikita si Samson na nananalangin*** sa sitwasyong ito. Kumikilos siya nang malaya mula sa kanyang Diyos, sa kabila ng katotohanan na dapat siyang magkaroon ng espesyal na kaugnayan sa Kanya bilang Isang Nazareno.

6 Wala kaming nabasang anumang bagay na nagpapakita na ***talagang mahal niya ang kanyang asawa.*** Sa kabilang banda, may isang impresyon lamang na ito ay purong kasiyahan lamang ng kanyang mga naisin (Mga Hukom 15:1, 2). ***Kinailangan ni Samson ng isang babaeng makakasiping.***

Bago pa man nagsimula ang pag-aasawa ni Samson, nakatadhana na itong mabigo. Hindi ito walang dahilan kung bakit binibigyan tayo ng Diyos ng gayong mga halimbawa sa Kanyang Salita. Nagsisilbi ang mga itong babala sa atin para maiwasan nating maulit ang katulad na mga pagkakamali.





# VIII – 'Pakikipagdeyt'

Bago ang isang binata – na nakakita ng malinaw sa harap ng Panginoon kung sino ang dapat na tamang asawa para sa kanya – ay magpropose ng kasal sa isang dalaga, kadalasan ay may panahon muna bago nila makilala ang isa't isa. May iba't ibang posibilidad para dito:

- Sa ilang pagkakataon, maraming taon nang kilala ng mga kabataan ang isa't isa. Sabay-sabay silang lumaki, siguro sama-sama silang nag-aral at nagpupunta sa parehong pagtitipon ng mga Kristiyano. Ito ay may mga pakinabang dahil mas mapapahalagahan natin ang iba kapag sila ay nasa sarili nilang kapaligiran. Sa gayong mga sitwasyon, wala nang iba pang kailangan bago magpropose ng kasal.

- Ang isa pang posibilidad ay ang makilala ang isa't isa sa isang grupo. Kapag ang mga kabataang Kristiyano ay gumagawa ng isang bagay nang sama-sama, magandang pagkakataon ito para makakuha ng impresyon sa isa pa, nang hindi tuwirang nagkokomento tungkol dito. Ang mga pagbisita ng pamilya ay nagbibigay rin ng pagkakataon dito.

Ngunit nauunawaan natin na kadalasan ay may likas na hangaring makilala ang isa't isa nang mas malapit sa pamamagitan ng personal na pakikipag-usap. Nagkikita tayo nang harapan. Nakikibahagi tayo. Mas makikilala natin ang isa't isa nang mabuti. Ang gayong mga pagkakataon ay lalong pinahahalagahan ng mga kabataan. Ano ang kahalagahan nito sa liwanag ng Biblia? Gusto naming talakayin nang maikli ang isyung ito.

## 1. Iba't ibang opinyon

Hindi lihim na ang kahalagahan ng gayong mga miting at tagpuan ay makikita sa iba't ibang paraan ng matatapat na Kristiyano. Nagbabala ang ilang mga pinahahalagahan at bihasang kapatid at tinututulan ang mga ito, na may magagandang dahilan sila sa paggawa nito. Ang totoo, ang ***gayong mga oportunidad ay kadalasang ginagamit sa mali.*** Walang gayong mga kaganapan sa Biblia. Kaya dapat ba tayong tuwirang makibahagi, o magpasimula tayo sa pagkikipagkita upang mas makilala pa ang isa't isa at mas maging tiyak?
Malinaw na ang dalawang kabataang interesado sa isa't isa na hindi pa kilala ang isa't isa (ng mabuti) ay naising mag-usap muna sila. Ang hangaring ito ay naiintindihan at makatarungan. Walang mali diyan. ***Gayunman, personal kong ipinapayo ang pag-iingat. Hindi ko iaalis ang posibilidad ng gayong mga pagtatagpo, ngunit walang dudang mapanganib ang mga ito. Hindi ka makikipagkita sa taong ayaw mong makita. May ilang damdamin na naroon na!*** May mataas na posibilidad, sa gayong sitwasyon, na titigil ka sa pag-iisip nang maayos. Maaari kang maging kakaiba kaysa karaniwan. Gayunman, sa ilang pagkakataon, ang pagsama-sama tulad nito ay maaaring maging kapaki-pakinabang at magbigay ng magandang pagkakataon na mas magkakilala.

## 2. Mga Kondisyon

Sabihin nating gustong makilala ng isang batang lalaking mananampalataya ang isang kapatid na babaeng mananampalataya upang makausap ng sarilinan. Paano ka kikilos sa gayong sitwasyon? Gusto kong ipahiwatig ang dalawang kundisyong itinuturing kong mahalaga para sa dalawang partidong kasangkot:

- ➔ ***Huwag sumang-ayon hangga't hindi kayo nanalangin.*** Kung walang panalangin, mas mabuting huwag pumunta. Dapat kayong makatiyak sa harapan ng Panginoon kung mabuti at tamang makipagkita sa isa't isa o hindi. Ang responsibilidad na gawin ang tama sa harapan ng Panginoon ay nasa inyo.

- ➔ Kausapin ang inyong mga magulang tungkol dito at makinig sa kanilang payo. Iminumungkahi ko na huwag kayong kumilos nang mag-isa sa bagay na ito. Ang pagsang-ayon ng mga magulang na makadiyos ay napakahalaga. Bilang alituntunin, walang pakikipagtagpo na dapat mangyari na lingid sa kaalaman ng mga magulang. Ipaliwanag sa kanila kung bakit ka pupunta roon at ano ang iyong motibo. Kung mayroon silang anumang pag-aalinlangan, mas mabuti kung susundin ninyo ang kanilang payo.

## 3. Payo

Gusto kong banggitin ang ilang punto na si Roger P. Daniel, isang Amerikanong kapatid sa pananampalataya, ay naglalaan ng kanyang aklat na "Dating, Marriage, Sex and Divorce".

1 ***Lahat ng 'pakikipagtagpo' ay kailangang manatili sa balangkas ng Mga Taga Filipos 4:8:*** *“Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kaibig-ibig, anumang bagay na kapuri-puri, kung mayroong anumang kagalingan, at kung may anumang nararapat papurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito”.*

**2** ***Makipagkita lamang sa taong inyong lubos na pinagkakatiwalaan.*** Ito ay hindi tungkol sa pagkakaroon ng isang mabuti at magandang gabi o isang pakikipagharutan, ngunit ang pagkilala sa isa't-isa. Mga dalaga, dapat mo lamang ibigay ang iyong pahintulot sa isang binata kung may kaunti kang alam tungkol sa kung sino ang nag-aanyaya sa iyo. Kung ang binata ay walang magandang reputasyon o hindi mo kilala, mas mabuting bitawan ito. Ikaw ay maaaring magkaroon ng lubos na panganib.

**3** ***Bigyang-pansin ang lugar na pagtatagpuan.*** May mga lugar kung saan napakalaki ng panganib na mahulog sa kasalanan. Kabilang dito ang mga romantikong lugar o ang likod ng kotse. Iwasang mag-isa sa isang silid o sa isang bahay. Mas mabuting pumili ng lugar kung saan maaari kayong makipag-usap nang payapa, subalit hindi lubos na mahihiwalay sa iba.

**4** ***Lahat ng 'pakikipagtagpuan' ay dapat na isang karanasan ng kaluluwa at ng espiritu at hindi isang seksuwal na pakikipagtalik para sa katawan.*** Kung pupunta ka sa gayong pagtitipon, pumunta ka sa intensyon na makilala ang isa't isa. Hindi ibig sabihin nito na bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng katawan. Sa pangkalahatan, ang panganib ay mas mataas para sa mga binata kaysa sa mga dalaga. Ang gayong mga okasyon ay hindi para sa pagpapadama ng mga haplos. Kung gagawin ninyo ito, inilalantad ninyo ang inyong mga sarili sa malaking panganib ng imoralidad at marahil ay ang panghabang buhay na ibubunga nito.

**5** ***Damitan ang iyong sarili at kumilos sa isang paraan na hindi pagnanasaan ng iba.*** Lalo na ito ay tungkol sa mga dalaga. Isipin ang epekto ng hindi angkop o mahalay na pananamit sa mga binata. Ang iyong kaanyuan ay makapagtutulak sa binata na pagnasaan ka at gawin ang kasalanan ng pangangalunya o pakikiapid (Mateo 5:27, 28). Damitan ang iyong sarili sa isang maayos at angkop na paraan. Bigyang-pansin ang iyong pag-uugali, iyong mga kilos at iyong mga salita. *“Ang mga babae naman ay dapat maging mahinhin, maayos at kagalang-galang sa pananamit at ayos ng buhok. Hindi sila dapat maging magarbo sa pananamit at maluho sa mga mamahaling alahas na ginto o perlas. Sa halip, ang maging palamuti nila ay ang mabubuting gawa, gaya ng nararapat sa mga babaing itinuturing na maka-Diyos.”* (I Kay Timoteo 2:9, 10).

**6** ***Huwag makipaglaro sa damdamin ng taong nakakausap mo.*** Ang ilang kabataan ay may ugali na kumilos sa paraang pasiglahin ang tunay na interes mula sa isang tao bago nila bibitawan ang mga ito tulad ng laruan ng isang bata. Ang gayung 'munting laro' ay madalas na sanhi ng malalim na sugat na kung saan ay mahirap gumaling. Ang isang lalaki o babae ay hindi isang laruan o laro, kundi isang nilalang ng Diyos na tinatrato na may dangal.

***Huwag kalimutan ang layunin ng gayong pakikipagtipan: Tungkol ito sa pagkilala sa isa't isa, upang makagawa kayo ng desisyong kasama ang Panginoon batay sa katiyakan na ang kabataang lalaki o babae ay ang asawang hinangad Niya.***

Nais kong huminto dito sa pamamagitan ng pagnanais na magkaroon kayo ng lahat na pag-asa at kinakailangang karunungan na maghanap at hanapin ang katuwang na nais ng Diyos na ibigay sa inyo, ang katuwang na nais ninyong luwalhatiin ang Diyos at lubos na umunlad sa mundong ito!

***GBV Dillenburg GmbH***
Eiershäuser Straße 54
35713 Eschenburg
GERMANY
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

***GRACE AND TRUTH***
San Pablo City, Laguna
biblicalanswersphilippines@gmail.com
✆ +63 (0) 906 477 9552 (English)
✆ +63 (0) 950 358 3071 (Filipino)

*Kapag nasisiyahan ang mag-asawa sa balanseng buhay may asawa, kagalakan at kapayapaan ang naghahari sa kanilang puso. Sa kabilang banda, winawasak ng malungkot na pagsasama ng mag-asawa ang lahat ng aspeto ng buhay.*

*Ang libreta na ito ay nagbibigay sa inyo ng maraming mungkahi kung paano maglatag ng mabuting pundasyon para sa maligayang pagsasama ng mag-asawa ayon sa mga prinsipyo ng Biblia.*

**ISBN 978-3-96162-718-9**

GBV 148 6945 Choosing a Spouse Tagalog/Filipino